# Unang Markahang Pagsusulit
# sa Filipino V

Pangalan:_______________________________________________Baitang at Pangkat:________________
Petsa:___________________________Guro:__________________________________________________

**PAKIKINIG**

**Panuto: Pakinggan ang tekstong babasahin ng guro at sagutin ang mga tanong.**

1. Saan kumakain ang mga Tsino?
   A. tasa  B. pinggan  C. malukong na lalagyan  D. kutsara
2. Ano ang ginagamit nila sa pagkain?
   A. Kamay  B. chopsticks  C. kutsara at tinidor  D. wala
3. Kailan kumakain ng karne ang mga Tsino?
   A. kapag may espesyal na okasyon  C. kapag may bagong panganak
   B. kapag may pera  D. kapag may simpleng okasyon
4. Alin ang angkop na pamagat ng teksto?
   A. Pagluluto ng mga Tsino  C. Pananamit ng mga Tsino
   B. Paniniwala ng mga TSino  D. Pagkain ng mga Tsino
5. Ibigay ang paksa ng tekstong napakinggan
   A. Kakaiba sa lahat ang karanasan ko sa palengke sa may tindahan ng karne.
   B. Kakaiba sa lahat ng karanasan ko sa simbahan
   C. Kakaiba sa lahat ng karanasan ko sa hardin ng mga paru-paro
   D. Kakaiba sa lahat ng karanasan ko sa hardin ng mga tutubi

6-7 Pakinggan ang guro kung ano ang gagawin sa kahon sa ibaba.

**PAGBASA**

**Panuto: Basahin ang talata sa ibaba at sagutin ang mga tanong.**

Si Melba at Ang Kanyang Nanay

Maagang gumising si Melba. Tinulungan siyang magbihis ng kanyang ina. Inayos nito ang kanyang uniporme. Iniabot nito ang pares ng malinis na medyas saka lumabas ng silid upang maghanda ng almusal.

Habang kumakain si Melba, ipinaghanda siya ng kanyang Nanay ng baon. Binalot sa plastic at inilagay sa kanyang bag.

Mayamaya handa na si Melba. Humalik siya sa kamay ng kanyang ina at nagpaalam na. "Nagdidilim ang langit, Melba. Dalhin mo ang iyong paying,"ang sabi ng Nanay.

8. Saan pupunta si Melba?
   A. sa paaralan  B. sa simbahan  C. sa isang salu-salo  D. sa parke
9. Anong uri ng ina ang Nanay ni Melba?
   A. pakialamera  B. masungit  C. mapagmahal  D. maarte
10. Ang mga sumusunod ay mga pangyayari sa kuwento. Ayusin ang mga ito ayon sa wastong pagkasunod-sunod.
    1. Tinulungan siya ng kanyang nanay na magsuot ng kanyang uniporme.
    2. Habang kumakain si Melba, ipinaghanda siya ng kanyang nanay ng babaunin sa pagpasok.
    3. Maagang gumising si Melba.
    4. Ipinadala ng kanyang nana yang paying dahil parang uulan.
    5. Handa na si Melba sa pagpasok at nagpaalam na sa kanyang nanay.

    A. 3-1-5-4-2  B. 3-4-1-5-2  C. 3-2-5-1-4  D. 3-1-2-5-4

**Panuto: Basahin ang pangungusap at sagutin ang tanong sa ibaba.**

11. **Ipinagbunyi** ng mga tauhan ng bagong pangulo ang kanyang pagkapanalo. Ano ang ibig sabihin ng ipinagbunyi?
    A. namatayan  B. nawalan ng pag-asa  C. nalungkot  D. nagdiwang
12. Ang nilutong sinigang ni Maria ay **malabnaw**. Ano ang ibig sabihin ng malabnaw?
    A. makulay  B. hindi malapot  C. masarap  D. hindi malutong
13. **Nakalimutan** ni Lina ang isang linya ng tula. Ano ang kasalungat ng nakalimutan?
    A. nakita  B. naiwan  C. nadala  D. naalala
14. **Mayabong** ang puno ng narra sa labas. Ano ang kasalungat ng mayabong?
    A. buhay  B. namatay  C. dumadami  D. malilim

15. Si Marian Rivera ay isang **marikit** na babe. Ano ang kasingkahulugan ng marikit?
A. pangit B. mataray C. maganda D. mabait

16. Ang Pilipinas ay isang **mapayapang** bansa. Ano ang kasingkahulugan ng mapayapa?
A. magulo B. napakarami C. maayos D. mabaho

**Panuto: Basahin ang nasa ibaba upang masagutan ang tanong.**


> Lahat ng mag-aaral ay inaanyayahang sumali sa alinman sa mga samahang nakatala sa ibaba. Malayang pumili ang lahat ng samahan mula sa sumusunod:
> ---dula ----Himig Pinoy
> ----Filipino Club ----badminton
> ----Kusina -----Math Club
> Magpatala sa Silid Blg. 8 mula Lunes hanggang Huwebes.
> Magpatala ngayon na!

17. Ano ang tawag sa inyong nabasa?
A. talaarawan B. balita C. patalastas D. kwento

18. Saan magpapatala kapag nais sumali?
A. Silid Blg 7 B. Silid Blg 8 C. Silid Blg 10 D. Silid Blg 11

**Panuto: Gamit ang graph sa ibaba sagutin ang mga tanong**


A. Bar graph




19. Ilang bata ang may normal na timbang noong Hulyo?
A. 25 B. 30 C. 35 D. 40

20. Anong mga buwan ang may pantay na bilang ng mga batang normal ang timbang?
A. Oktubre at Hulyo C. Setyembre at Oktubre
B. Agosto, Setyembre at Nobyembre D. Oktubre at Nobyembre

B. Pie graph



21. Ilang bahagdan sa kita ng mag-anak ang para sa edukasyon?
A. 45% B. 5% C. 20% D. 10%

22. Aling pangangailangan ang may maliit na bahagdan?
A. pag-aaral B. tubig at kuryente C. pagkain D. pag-iimpok


C. Picto graph

| Buwanang Konsumo ng Kuryente ng Pamilya Santos sa taong 2005 | |
|---|---|
| Buwan | Bilang |
| Enero | ★ ★ ★ ★ ★ |
| Pebrero | ★ ★ ★ ★ ★ ★ |
| Marso | ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ |
| Abril | ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ |

| | |
|---|---|
| Mayo | ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ |
| Hunyo | ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ |
| Hulyo | ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ |
| Agosto | |
| Setyembre | |
| Oktubre | |
| Nobyembre | |
| Disyembre | |
| 1 ☆= 25 kilowatt | |

23. Ilang kilowatt ang nakonsumo ng pamilya Santos sa buwan ng Enero?
    A. 50 B. 100 C. 150 D. 125
24. Anong buwan ang may pinakamalaking konsumo?
    A. Marso B. Abril C. Mayo D. Hulyo

D. Line graph




25. Tungkol saan ang graph sa itaas?
    A. Buwanang konsumo sa kuryente ng pamilya Aling Marisa sa taong 2000
    B. Buwanang konsumo sa tubig ng pamilya Aling Marisa sa taong 2000
    C. Buwanang konsumo sa kuryente ng pamilya Aling Martha sa taong 2000
    D. Buwanang konsumo sa tubig ng pamilya Aling Marisa sa taong 20016

**PAGSASALITA**

**Panuto: Basahin ang mga pangungusap sa ibaba at sagutin ang mga tanong.**

26. Ang mga **bata** ay natutulog sa bahay.Aning uri ng pangngalan ang bata?
    A. pambalana B. pantangi C. pambabae D. wala
27. Ang mga guro ng **Pulong Sta. Cruz Elementary School** ay masipag magturo.Anong uri ng pangngalan ang nasalungguhitan?
    A. pambalana B. panlalaki C. pantangi D. lahat ng nabanggit
28. _______________ bata ay umiiyak. Anong ilalagay sa patlang upang maging marami ang pangngalang tinutukoy?
    A. Ang B. Dalawang C. Isang D. Ang mga
29. Ginagamit ng mga **guro** ang libreng oras para makagawa ng mga kagamitan sa pagtuturo at lesson plan. Ano ang kasarian ang nasalungguhitang salita?
    A. pambabae B. di-tiyak C. panlalaki D. walang kasarian
30. **Balat-sibuyas** ang batang iyan. Anong kayarian ng pangngalan ang nasalungguhitan?
    A. payak B. may lapi C. tambalan D. inuulit
31. Si Ana ay bumili ng laptop dahil kailangan niya ito. Anong gamit ng salitang nasalungguhitan?
    A. simuno B. panaguri C. layon ng pandiwa D.ganapan ng pandiwa

Panuto: Punan ng tamang panghalip ang pangunguasap upang mabuo ang diwa nito.

32. _________ang kumuha ng pera ditto sa mesa?
    A. Kailan B. Saan C. Sino D. Ano
33. Si Ana ay isang matalinong bata. ________ rin ay mabuting anak.
    A. Ikaw B. Siya C. Sila D. Kami
34. "________mo ilagay ang bag,"sabi ni Ruben habang hawak kung saan ilalagay ang bag.
    A. Diyan B. Dito C. Doon D. Narito
35. Ang bag na ito ay binili ko para sa _____.Habang itinuturo si Rowena.
    A. iyo B. kanya C. akin D. amin

PAGSULAT

**Panuto: Punan ang hinihinging datos ng form sa ibaba.(36-38)**

| | |
|---|---|
| Pangalan: | Edad: |
| Kapanganakan: | Tirahan: |
| Baitang: | Pangkat: |
| Guro: | |
| Magulang | |
| Nanay: | Tatay: |

**Panuto: Pakinggan ang guro ang sasabihing salita ng guro at isulat ang tamang baybay nito.**

39. ______________________________
40. ______________________________
41.______________________________

Panuto: Pumili ng isang pamagat at sumulat ng talata tungkol dito. Isulat ito ng patalata. (42-46)

1. Ang Karanasang Hindi Ko Malilimutan
2. Ang Aming Bakasyon Noong Pasko
3. Ang Aming Bakasyon Noong Tag-araw

PANONOOD:

47-48. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento? Ilarawan ito.

49-50. Ilarawan ang tagpuan ng kuwento.

Aytem 1-4

Sa mga malukong na lalagyan kumakain ang mga Tsino. Sa pagkain, gumagamit sila ng dalawang patpat na may sampung dali ang haba na tinatawag na chopsticks. Nagagamit nila ang mga ito sapagkat sadyang hiniwa-hiwa na ang kanilang pagkain bago pa ito lutuin.

Bigas din angpangunahing butyl na kinakain ng mga Tsino. Karamihan sa kanila ay kumakain ng karne kapag may espesyal na okasyon.

Tsaa ang kanilang iniinom. Ipinalalagay nila na hindi dapat inumin ang tubig na pinakuluan. Narin iwala silang makakatulong ang tsaa sa pagtunaw ng pagkain.

Aytem 5

Kakaiba sa lahat ang karanasan ko sa hardin ng mga paru-paro.Pagpasok naming nina Ate Carmi, Lea, at Annie sa hardin, may dumapo sa aming buhok, balikat at kamayBukod pala sa nectar ng mga bulaklak, pagkain ng mga paru-paro ang pawis, lotion, gel at spraynet. Hindi nagsawa ang aming paningin sa pagsunod sa kayraming paru-paro.Umuwi kaming masaya

Aytem 6-7

Isulat ang pangalan ng iyong paboritong guro sa gitna ng kahon.

Gumuhit ng bulaklak sa bawat sulok ng kahon.

Aytem 39-41

39. charger
40. health center
41. laptop

Aytem 47-50

Ipanood sa mga bata ang teaser ng Nathaniel

# Talaan ng Ispesipikasyon sa FILIPINO V
# Unang Markahang Pagsusulit

| Layunin | Bilang ng Aytem | Bahagdan | Kinalalagyan ng Aytem |
|---|---|---|---|
| **PAKIKINIG** | | | |
| 1.Nakasasagot sa mga tanong tungkol sa detalye ng kwentong napakinggan. | 3 | 6% | 1-3 |
| 2. Naibibigay ang angkop na pamagat ng kwentong narinig. | 1 | 2% | 4 |
| 3.Naibibigay ang paksa ng napakingngang kwento. | 1 | 2% | 5 |
| 4.Nakasusunod sa 2-3 hakbang na panuto. | 2 | 4% | 6-7 |
| **PAGBASA** | | | |
| 5.Nasasagot ang mga tanong sa binasang kwento. | 2 | 4% | 8-9 |
| 6.Napagsunod-sunod ang mga pangyayari sa binasang kwento | 1 | 2% | 10 |
| 7.Nabibigyang kahulugan ang mga pamilyar at di-pamilyar na salita gamit ang: | | | |
| A. Pangngusap | 2 | 4% | 11-12 |
| B. Kasalungat | 2 | 4% | 13-14 |
| C. Kasingkahulugan | 2 | 4% | 15-16 |
| 8.Nabibigyang kahulugan ang patalastas. | 2 | 4% | 17-18 |
| 9.Nabibigyanag kahulugan ang mga: | | | |
| A. Bar graph | 2 | 4% | 19-20 |
| B. Pie graph | 2 | 4% | 21-22 |
| C. Pictograph | 2 | 4% | 23-24 |
| D. Line graph | 1 | 2% | 25 |
| **PAGSASALITA** | | | |
| 10.Natutukoy ang uri ng pangngalan na ginamit sa pangungusap. | 2 | 4% | 26-27 |
| 11.Nagagamit ng wasto ang pangngalan ayon sa kailanan ng pangngalan. | 1 | 2% | 28 |
| 12.Nauuri ang pangngalan base sa kasarian | 1 | 2% | 29 |
| 13.Natutukoy ang kayarian ng pangngalan | 1 | 2% | 30 |
| 14.Natutukoy ang gamit ng pangngalan sa pangungusap | 1 | 2% | 31 |
| 15.Nagagamit ng wasto ang panghalip sa pangungusap gamit ang: | | | |
| A. Pananong | 1 | 2% | 32 |
| B. Panao | 1 | 2% | 33 |
| C. Pamatlig | 1 | 2% | 34 |
| D. Paari | 1 | 2% | 35 |
| **PAGSULAT** | | | |
| 16.Naibibigay ang datos na hinihingi ng isang form | 3 | 6% | 36-38 |
| 17.Nababaybay nang wasto ang salitang natutuhan sa aralin/hiram | 3 | 6% | 39-41 |
| 18.Nakakasulat ng talatang pasalaysay. | 5 | 10% | 42-46 |
| **PANONOOD** | | | |
| 19. Nailalarawan ang tauhan at tagpuan sa pinanood na trailer ng programa. | 4 | 8% | 47-50 |
| **KABUUAN** | 50 | 100% | 1-50 |

Inihanda:

**MARIFE S. BALANAY**
Guro I

ANSWER KEY

1. C
2. B
3. A
4. D
5. C

6-7

8. A
9. C
10. D
11. D
12. B
13. D
14. B
15. C
16. C
17. C
18. B
19. A
20. B
21. C
22. B
23. D
24. B
25. B
26. A
27. C
28. D
29. B
30. C
31. C
32. C
33. B
34. B
35. A

36-38

39. charger
40. health center
41. laptop

42-46 Sa pagbibigay ng iskor, gumamit ng rubric.